

## MGA PEDERAL NA PLANO NG INSURANCE PARA SA EMPLEYADO

Simula noong Enero 2017, ang mga serbisyo ng BHT ay naging sinasaklaw na serbisyo para sa mga indibidwal na na-diagnose na may autism.

### Ano ang susunod mong gagawin:

- Makipag-ugnayan sa kagawaran ng mga serbisyo para sa miyembro ng iyong planong pangkalusugan (makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa likod ng card ng planong pangkalusugan mo) at humiling ng mga serbisyo ng BHT para sa iyong anak. Maaaring menor de edad o mas matanda na sa edad 18 ang iyong anak.
- Sundin ang mga hakbang na ibibigay sa iyo ng iyong kagawaran ng mga serbisyo para sa miyembro ng Pederal na insurance.
- Kung sinasabi ng plano mo sa iyo na hindi saklaw na benepisyo ang mga serbisyo ng BHT, hingin ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagsulat at ipadala ito sa iyong coordinator ng serbisyo ng SDRC.



## MGA SELF-FUNDED NA PLANO NG INSURANCE

Kung ang iyong pribadong insurance plan ay isang self-funded na plano, maaaring saklaw nito o hindi nito saklaw ang mga serbisyo ng BHT para sa mga indibidwal na na-diagnose na may autism.

### Ano ang susunodmong gagawin:

- Makipag-ugnayan sa kagawaran ng mga serbisyo para sa miyembro ng planong pangkalusugan mo o sa Human Resources Department ng iyong employer upang tiyaking self-funded ang plano mo at saklaw na benepisyo ang BHT.
- Kung **talagang** saklaw ng iyong self-funded na plano ang mga serbisyo ng BHT, makipag-ugnayan sa kagawaran ng mga serbisyo para sa miyembro ng insurance mo para sa isang referral para sa mga serbisyo ng BHT at sundin ang mga hakbang na ibibigay sa iyo.
- Kung **hindi talaga** saklaw ng iyong self-funded na plano ang mga serbisyo ng BHT, humingi ng liham ng saklaw mula sa iyong planong pangkalusugan o kagawaran ng HR, at makipag-ugnayan sa iyong coordinator ng serbisyo ng SDRC upang pag-usapan ang tungkol sa mga serbisyo ng BHT, na maaaring pondohan ng SDRC.



### SAN DIEGO REGIONAL CENTER OFFICE LOCATIONS

#### Main Headquarters

4355 Ruffin Road, Suite 200  
San Diego, CA 92123  
858-576-2996  
www.sdrc.org

#### East San Diego County

8760 Cuyamaca Street, Suite 100  
Santee, CA 92071  
619-596-1000

#### South San Diego County

2727 Hoover Avenue, Suite 100  
National City, CA 91950  
619-336-6600

#### North San Diego County

5931 Priestly Drive, Suite 100  
Carlsbad, CA 92008  
760-736-1200


#### Imperial County

512 West Aten Road  
Imperial, CA 92251  
760-355-8383



SAN DIEGO  
REGIONAL CENTER

Naglilingkod sa Mga Indibidwal na may Mga  
Developmental na Kapansanan sa Mga County ng  
San Diego at Imperial



Mga Serbisyo  
ng Paggamot  
sa Kalusugan  
ng Pag-uugali  
(Behavioral  
Health  
Treatment)

Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali



SAN DIEGO  
REGIONAL CENTER

Naglilingkod sa Mga Indibidwal  
na may Mga Developmental na  
Kapansanan sa Mga County ng San  
Diego at Imperial

# Paano ka makakatanggap ng Mga Serbisyo ng Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Treatment)

Gusto naming ipalam sa iyo ang tungkol sa pagkuha ng mga serbisyo ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali o behavioral health treatment (BHT) kung mayroon kang mga alalahanin sa mga kundisyon sa pag-uugali ng iyong anak. Maaaring kasama sa mga serbisyo ng BHT ang, ngunit hindi nililimitahan sa, Applied Behavior Analysis (ABA), iba pang pagbibigay ng solusyon sa pag-uugali o pagsasanay sa magulang. Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng BHT para sa mga batang wala pang 21 taong gulang na na-diagnose o hindi na-diagnose na may autism. Sinasaklaw ng karamihan sa mga pribadong insurance ang mga serbisyo ng BHT para sa mga bata at nasa hustong gulang na na-diagnose na may autism. Makipag-ugnayan sa iyong coordinator ng serbisyo ng SDRC kung may tanong ka o kung kailangan mo ng tulong.

## MEDI-CAL

### Bayarin para sa Serbisyo:

- Sinasaklaw ang mga serbisyo ng BHT para sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may mga kundisyon sa pag-uugali. Hindi kinakailangang na-diagnose na may autism.

### Pinamamahalaang Pangangalaga (Managed Care):

- Sinasaklaw ang mga serbisyo ng BHT para sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may mga kundisyon sa pag-uugali. Hindi kinakailangang na-diagnose na may autism.

### Ano ang susunod mong gagawin:

Bayarin para sa Serbisyo ng Medi-Cal:

- Makipag-ugnayan sa iyong coordinator ng serbisyo ng SDRC upang pag-usapan ang mga serbisyo at pagpopondo.
- Susuriin ng SDRC ang mga pangangailangan sa BHT kasama ka at ang pangkat sa pagpapalano. Patuloy na magkakaloob ang SDRC ng pagpopondo para sa mga serbisyo ng BHT.

Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (Medi-Cal Managed Care):

- Makipag-ugnayan sa iyong Plano ng Medi-Cal Managed Care at magtanong tungkol sa mga serbisyo ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali.
- Depende sa iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga, maaaring kailanganin mong makipag-ugnayan nang direkta sa doktor ng iyong anak o sa plano ng pinamamahalaang pangangalaga hinggil sa referral at mga serbisyo ng BHT. May makakausap na tao sa bawat plano ng pinamamahalaang pangangalaga upang sagutin ang iyong mga tanong at magbigay sa iyo ng tulong.

Nakalista ang mga numero sa pakikipag-ugnayan sa Mga Medi-Cal Managed Care Plan ng San Diego County at Imperial County sa ibaba:

### San Diego County

Aetna Better Health  
855-772-9076  
Blue Shield CA Promise Health Plan  
855-699-5557  
Community Health Group Partnership Plan  
800-224-7766  
Health Net Community Solutions  
800-675-6110  
Kaiser Permanente  
800-464-4000  
Molina Healthcare of California Partner Plan  
888-665-4621  
United Health Care  
866-270-5785

### Imperial County

California Health and Wellness  
877-658-0305  
Molina Healthcare of California Partner Plan  
855-665-4621  
  
Kung mayroon ka ng parehong pribadong insurance at Medi-Cal Managed Care, makipag-ugnayan muna sa iyong pribadong insurance plan.

## PRIBADONG INSURANCE

Kung na-diagnose na may autism ang iyong anak at mayroon kang pribadong insurance, ito man ay Preferred Provider Organization (PPO) o Health Maintenance Organization (HMO), maaaring saklawin ng iyong insurance ang mga serbisyo ng Behavioral Health Treatment (BHT).

### Ano ang susunod mong gagawin:

- Makipag-ugnayan sa kagarawan ng mga serbisyo para sa miyembro ng planong kalusugan (makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa likod ng card ng planong pangkalusugan mo) at humingi ng mga serbisyo ng BHT para sa iyong anak. Maaring menor de edad ang iyong anak o mas matanda sa edad 18.
- Sundin ang mga hakbang na ibibigay sa iyo ng iyong kagawaran ng mga serbisyo para sa miyembro ng pribadong insurance.
- Kung sinasabi sa iyo ng plano na hindi saklaw na benepisyo ang mga serbisyo ng BHT, hingin ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagsulat at ipadala ito sa iyong coordinator ng serbisyo ng SDRC.
  - ◇ Kung ang iyong pribadong insurance ay isang Preferred Provider Organization (PPO) at mayroon kang mga tanong o alalahanin, makipag-ugnayan sa California Department of Insurance sa 800-927-4357.
  - ◇ Kung ang iyong pribadong insurance ay isang Health Maintenance Organization (HMO) at mayroon kang mga tanong o alalahanin, makipag-ugnayan sa California Department of Managed Health Care sa 888-466-2219.

Kung mayroon kang pribadong insurance, matutulungan ka ng SDRC sa pagpopondo ng iyong mga copayment/ bahagi sa insurance o deductible kung natutugunan mo ang ilang partikular na kinakailangan. Makipag-ugnayan sa iyong coordinator ng serbisyo para sa higit pang impormasyon.